

PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ

2 Sanlinggó ng Pagdating – Sábado

2017-12-16

MAAARING AWIT SA PAGTITIPON

Bayan, Magsiawit na! | Arnel Aquino SJ
Bayan, Umawit | Silvino Borres Jr SJ, Baltazar, M. Francisco SJ
Purihin ang Panginoón | Danny Isidro SJ at Fruto Ramirez SJ

PANGINOÓN, KAAWAÁN MO KAMÍ.

LITÚRHIYA NG SALITÁ

UNANG PAGBASA..... Isaias 56:1-3.6-8

Ang sabi ng Panginoon sa kanyang bayan:
“Ayon sa katarungan at laging matuwid ang inyong gagawin.

Ang pagliligtas ko’y di na magluluwat,
ito ay darating,
ito’y mahahayag sa inyong paningin.

Mapalad ang taong gumagawa nito,
ang anak ng taong ang tuntuni’y ito.

Ginaganap niya ang marapat gawin sa Araw ng Pamamahinga,
sa gawang masama,
ang kanyang sarili’y iniwas.

Di dapat sabihin ng isang dayuhang
nakipagkaisa sa bayan ng Diyos,
na siya’y hindi papayagan ng Panginoon
na makisama sa pagsamba ng kanyang bayan.”

Ito naman ang sabi ng Panginoon sa mga dating dayuhan
na ngayo’y kabilang sa kanyang bayan,
buong pusong naglilingkod sa kanya,
nangingilin sa Araw ng Pamamahinga;
at matapat na nag-iingat sa kanyang tipan:

“Dadalhin ko kayo sa Sion,
sa aking banal na bundok.
Ipadarama ko sa inyo ang kagalakan sa aking Templo.
Tatanggapin ko ang inyong mga handog,
at ang Templo ko’y tatawaging bahay-dalanginan ng lahat ng
bansa.”

Ipinangako pa ng Panginoon,
sa mga Israelitang ibinalik niya mula sa pagkatapon,
na marami pa siyang isasama sa kanila
para mapabilang sa kanyang bayan.

TUGÓN SA SALMO

Nawa’y magpuri sa iyo ang lahat ng mga tao!

Salmo 67:4

Vic Romero

Na - wa'y mag - pu - ri sa 'yo ang la -
hat nang - ma - nga ta - o.

Ang salin sa Tagalog ng Tugón sa Salmo mulá sa *Ang Pagpapahayág ng Salitâ ng Diyos*
 © 2006 Panayám ng mga Katólikong Obispo sa Pilipinas,
 Lupon Rehiyonál ukol sa Tagalog sa Litúrhíyá.
 Tugtugin © 2010-2017 Vic Eclar Romero. magsimba.com. All rights reserved.

SALMO: Awit 67

O Diyos, pagpalain kami't kahabagan,
 kami Panginoo'y iyong kaawaan
 upang sa daigdig mabatid ng lahat
 ang iyong kalooban at ang pagliligtas.

Nawa'y purihin ka ng mga nilikha,
 pagkat matuwid kang humatol sa madla;
 ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa.

Nag-aning mabuti ang mga lupain,
 pinagpala kami ng Poon, Diyos namin!
 Ang lahat sa ami'y iyong pinagpala,
 nawa'y igo lang ka ng lahat ng bansa.

MABUTING BALITÀ..... Juan 5:33-36

Noong panahong iyon,
 sinabi ni Hesús sa mga Judio,
 “Nagpasugo kayó kay Juan,
 at nagpatotoo siyá tungkol sa katotohanan.
 Hindi sa kailangan ko ang patotoo ng tao;
 sinasabi ko lamang ito para maligtas kayó.
 Si Juan ay parang maningas na ilaw na nagliliwanag noon,
 at kayó'y sandaling nasiyáhan sa kaniyang liwanag.
 Ngunit may patotoo tungkol sa akin na higit sa patotoo ni Juan:
 ang mga gawang ipinagagawa sa akin ng Ama,
 at siyá ko namang ginaganap:
 iyan ang nagpapatotoo na akó'y sinugo niyá.”

PAMBUNGAD SA MABUTING BALITÀ

Halina't kami'y dalawin. Kapayapaan mo'y dalhin upang umiral sa amin.

HOMILYA

PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

PANALANGIN NG BAYAN

- .. a. Para sa Simbahan, ang Bayan ng Diyós
- .. b. Para sa mga Kinaúukulan
- .. c. Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- .. d. Para sa mga Dumaló sa Misa Dito at Ngayón

LITÚRHIYÁ NG EUKARISTIYA

MAAARING AWIT SA PAG-AALAY

Halina, Hesús | Rene Javellana SJ at E. Hontiveros SJ

SANTO, SANTO, SANTO

PAGBUBUNYÍNG PANG-ALAALA

DAKILANG AMEN

PANALANGIN NG PANGINOÓN

KORDERO NG DIYÓS

MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Linikha Mo'ng mga Bituin (Conditor Alme Siderum)
 Halina, O Hesús | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ
 Halina, Hesús, Aming Mananakóp | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ
 Halina, D'yos Mesias (O Come, Divine Messiah)

MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ

Bayan, Magsiawit na! | Arnel Aquino SJ
 Bayan, Umawit | Silvino Borres Jr SJ, Baltazar, M. Francisco SJ
 Awit ng Pasasalamat | Hontiveros
 Awit (Salmo) 067 | Victor Eclar Romero

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».
 Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

r

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin
 sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

2 Sanlinggó ng Pagdating – Sábado | 2017-12-16 | Leksyonaryo 186 | Gulóng 2
 Halaw ang mga Pagbasa sa Magandáng Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society.
www.bible.org.ph
 Litúrhiya. Filipino. www.magsimba.com


Halina, D'yos Mesias



1. Ha - li - na, D'yos Me - si - as, Bu-ong mun-do'y hi - ni - hin-tay ka, Mag-
 2. Sa-bik sa 'yo ang ba-yan mu-la pa n'ong ma-nga pro-pe-ta, Big-
 3. Da-la'y ka - pa - ya-pa-an, Ang-pag - ka - ta - o'y si - nu-ot-mo u -



wa - wa-gi'y pag - a - sa, Ma - pa - pa - wi ang lum - bay.
 yan ka - mi nang la - ya, sa sa - la ay tu - bu - sin.
 pang ang pag - ka - D'yos mo Ay a - ming ma - si - la - yan.



Po - ong ma - hal, la - pit ka na, Ka - di - li -



ma'y pa - wi - in na, I - yong muk - ha'y 'pa - ki - ta na. Ha -



li - na, D'yos Me - si - as, Bu-ong mun-do'y hi - ni - hin-tay-ka, Mag -



wa - wa-gi'y pag - a - sa, Ma - pa - pa - wi ang lum - bay.

Halina, Hesus!

♩ = c. 90)

Eduardo Hontiveros, SJ



KORO Ha-li-na, He-sus, ha - li - na! Ha-li-na, He-sus, ha - li - na!



6 VERSO Sa_ si - mu-la i - si-na - lo - ob mo, O_



9 Dios, Ka-lig - ta - san nang ta-o, Sa tak - dang pa-na-hon ay ti -



12 na - wag mo Isang ba - yang ling - kod sa i - yo. Ha

Tugtugin: Eduardo Hontiveros, SJ
Copyright Jesuit Communications Foundation.